Kailangan Natin ng Pambansang Asembliya ng mga Mamamayan!

Ang Pambansang Asembliya ng mga Mamamayan (CA) sa Elektoral na Reporma ay isang paraan upang mapagtagumpayan ang pansariling interes ng mga politiko at **bigyan ang karaniwang tao ng kapangyarihang magpanukala ng sistema para sa Canada.**

Paano Gagana ang Asembliya ng mga Mamamayan?

- **Random na pinipili ang mga kalahok** o sa pamamagitan ng sibikong loterya para masigurong ang asembliya ay kumakatawan sa populasyon.
- Hahatiin ang publiko sa mga sub-population para masiguro **ang patas na pagpili** ng kasarian, edad, etnisidad, heograpiya, edukasyon, wika, at higit pa.
- Pinauunlag ng mga kalahok ang malalim na pag-unawa sa isyu sa pamamagitan ng **pakikinig sa mga eksperto** na nagbabahagi ng kanilang kaalaman sa asembliya.
- Ilalayon ng mga mamamayang magkaroon ng kasunduan para masigurong ang asembliya ay **isang prosesong mapagkakatiwalaan ng mga Canadian.**
- **Ang panukala ay ipipresenta sa parliyamento** na siya namang magpapasyang bumoto hinggil dito.

Ang mga kalalabasang patakaran ng mga CA ay nakaugat sa ebidensya, sa halip na politikang partido o mga
election cycle.

Ang mga CA ay tumataas na ginagamit para makahanap ng kasunduan sa mahihirap na isyu tuwing ang mga **politiko ay may salungatang interes,** lalo na sa Ireland, France, and the UK.

I-scan Ito Para Makilahok!

www.fairvote.ca

www.nationalcitizensassembly.ca

Fair Vote Canada | Représentation équitable au Canada



DALAWA SA LIMA AY HINDI MAYORYA

Tapusin ang First Past the Post
Hingin ang Proporyonal na Representasyon!

Inawtorisa ng Fair Vote Canada | 778-588-9563

Anong Problema sa First Past the Post?

Ang **First Past the Post (FPTP)** ay ang kasalukuyang isang-miyembrong, "kontrolado-ng-panalo-ang-lahat" na elektoral na sistema kung saan nanalo ang kandidatong may pinakamaraming boto.

Mga huwad na mayorya, kung saan tumatanggap ang namamahalang partido ng karamihan ng puwesto gamit ang minorya ng boto, ay isang karaniwang side-effect ng sistema natin.

Ang FPTP ay **nagsasanhi rin ng paghina** pagkat ang mga minoryang pamahalaang nahalal sa ilalim ng sistemang ito ay karaniwang hindi nagtatagal dahil ang namumunong partido ay lumulusaw sa parliyamento nang maaga dahil sa paghahangad nito ng **ganap na kapangyarihan.**

Sinasanhi rin ng FPTP na **madalas mag-flip-flop** ang Canada sa pagitan ng mga pamahalaang magkasalungat ang ideolohiya na humahantong sa mga magastos na **pagbawi ng patakaran** (ang kanselasyon ng mga patakarang inilagay ng nakalipas na pamahalaan).

Ang Canada ay isa sa napakakaunting industriyalisadong bansang gumagamit pa rin ng FPTP sa modernong panahon.

Iba pang side-effects ng FPTP ay:

- Mga nasayang na boto
- Istratehikong pagboto
- Paghati ng Boto
- Kawalan ng interes ng botante
- Hindi pantay na kapangyarihan ng boto
- Nagbabaha-bahaging politika / pangangampanya
- Nabawasang pagkakaiba-iba ng mgakinatawan

Ano ang Proporsyonal na Representasyon?

Ang Proporsyonal na Representasyon (PR) ay pamilya ng mga sistema sa pagboto kung saan ang bilang ng puwestong taglay ng isang partido sa parliyamento ay halos tugma sa porsiyento ng taong bumoto para sa partidong iyon **(30% ng boto = 30% ng mga puwesto).**

Natatamo ang PR sa pamamagitan ng paghalal ng **ilang kinatawan** para sa isang heograpikong rehiyon, sa halip na iisa lang. Inaalis nito ang mga huwad na mayorya at hinihikayat ang **kooperasyon sa pagitan ng mga partido,** na humahantong sa mga tumatagal na patakaran.

Ang **Lokal na representasyon** ay isang susing bahagi ng anumang sistemang PR na inirerekomenda para sa Canada kabilang ang Mixed-Member Proportional **(MMP),** ang Single Transferable Vote **(STV)** at Rural-Urban Proportional **(RUPR).**

Higit 90 bansa ang gumagamit ng ilang anyo ng PR para ihalal ang kanilang pambansang lehislatura, na nagreresulta sa matatag na **mga multi-party coalition na pamahalaan.**

Iba pang pakinabang ng PR ay:

- Mga madaling-gamiting balota
- Pinataas na accountability
- Mapatataas ang voter turnout
- Pag-alis ng istratehikong pagboto
- Pantay na representasyon para sa lahat ng botante
- Pinataas na pagkakaiba-iba sa lehislatura
- Isang "politikal na kampeon" para sa bawat Canadian

Paano ang mga Ranked Ballot?

Sa Canada, ang isang "ranked ballot" ay halos tumutukoy sa **Alternative Vote (AV),** isang partikular na kinokontrol-ng-panalo-ang-lahat na pagboto kung saan iniraranggo ng mga botante ang mga kandidato ayon sa pagpili nila **(1st, 2nd, 3rd).**

Ginagawang institusyunal ng prosesong ito ang **istratehikong pagboto** sa pamamagitan ng pag-funnel sa mga boto mula sa unang pinili ng tao hanggang sa kanilang ikalawa at kasunod pa hanggang sa mahalal ang isang kandidato.

Ginagamit ang AV sa mababang kapulungan ng Australia kung saan lagi itong **lumilikha ng huwad na mayorya.**

Habang malaya ang mga taong bumoto ng kanilang unang pagpili para sa isang mas maliit na partido, ipinakikita ng mga resulta sa Australia na **inaalis ng mga AV ang maliliit na partido sa mga parliyamento** na gaya ng First Past the Post.

Tila mas **nagbibigay-pakinabang** din ang AV sa **mas malaki, mas matatag nang nakasentrong partido.**

Halimbawa, ipinakikita ng pagsusuri na kung ang nakaranggong balota ay ginamit sa 2015 halalan, **nanalo sana ang mga Liberal ng mas malaki pang mayorya** (224 puwesto sa halip na 184 sa ilalim ng FPTP).

Ang pinakamainam na gamit sa mga nakaranggong balota ay bilang tool sa mga proporsyonal na sistema para tumulong na maghalal ng maraming kinatawan bawat riding.

Magagamit din ang mga nakaranggong balota sa mga munisipalidad na bumuboto ng kanilang **konsehal sa mga at-large seat** o ward na may higit sa isang konsehal.